Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Pagbayad ng Transportasyon Upang Magpunta sa mga Medikal na Iksamen



## Kapag nag-aplay ka para sa disability at sinabi namin sa iyo na magpa-medikal, maaari ba naming bayaran ang iyong mga gastos sa transportasyon?

Maaaring bayaran namin ang iyong mga gastos sa transportasyon papunta at pabalik mula sa appointment na ito. Gagawin namin ito gamit ang iyong State Disability Determination Services (DDS). Ang DDS ang nagpapasiya tungkol sa kapansanan o pagkabulag.

## Ano ang dapat mong gawin upang mapabayaran ang mga gastos sa transportasyon?

Padadalhan ka ng DDS ng isang sulat tungkol sa medikal na iksamen. Sasabihin sa iyo ng sulat na ito kung ano ang gagawin mo pagkatapos ng iksamen upang mapabayaran ang iyong mga gastos sa transportasyon.

## Paano kung mayroon kang espesyal na problema o kailangan mo ng pera para sa transportasyon bago ka magpunta sa iksamen?

Tumawag o sulatan ang tao sa DDS na nagpadala sa iyo ng sulat tungkol sa medikal na iksamen. Ipaliwanag ang iyong espesyal na problema o kung bakit mo kailangan ng pera bago ng iksamen. Halimbawa, kung ikaw ay walang kotse, maaaring kailangan mong bayaran ang isang tao na magmaneho para sa iyo.

## Paano mo makukuha ang pera?

Pagkatapos ng iksamen, kakailanganin mong sulatan ang isang pormularyo na magpapakita ng iyong mga gastos sa transportasyon. Maaaring ibigay sa iyo ng DDS ang pera batay sa impormasyon sa pormularyong ito. Maaari din silang humingi ng mga resibo mula sa nagbigay ng transportasyon.

- Kung ikaw ay binayaran bago ng iksamen at kulang ang pera para sa iyong gastos sa transportasyon, ibibigay sa iyo ng DDS ang natitirang salapi.
- Kung sobra sa ginastos mo ang perang ibinayad sa iyo bago ng iksamen, dapat mong isauli ang sobrang pera.

## Ano ang gagawin mo kung kailangan mo ng taong tutulong sa iyo na makapunta sa isang iksamen?

Tumawag o sulatan ang tao sa DDS na nagpadala sa iyo ng sulat tungkol sa iksamen. Ipaliwanag kung bakit kailangan mo ng taong tutulong sa iyo. Maaaring bayaran ng DDS ang isang tao na sumama sa iyo.

---

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.